

LOCAL CONTROL AND ACCOUNTABILITY PLANS  
**SEASONS OF LCAP DEVELOPMENT AND ENGAGEMENT**



To learn more about the Local Control Funding Formula, visit

[capta.org/lcff](http://capta.org/lcff)

California State

**PTA**

everychild. onevoice.

## TAGLAGAS

### Mga pangunahing kaalaman:

- Saan nakapaskil ang LCAP?
- Sino sa nibel ng distrito ang nangangasiwa sa proseso?
- Sino ang kasalukuyang nasa Komite ng LCAP?
- Paano pinipili ang mga miyembro ng komite?
- Kailan nagpupulong ang komite?

### Outreach ng LCAP/pakikilahok ng magulang:

- Humiling na makipagpulong sa distrito at talakayin ang mga planong outreach.
- Tukuyin ang mga grupong may interes at gumawa ng mga planong outreach – lalo na sa mga grupong hindi gaanong nabibigyan ng representasyon.
- Magplano ng mga pagsasanay sa proseso ng pagbabadyet.
- Suriin ang mga pangangailangan sa proseso ng pagbuo ng LCAP
- Magdisensyo at magpadala ng survey sa mga magulang at mag-aaral.

### Suriin at pagnilayin ang kasalukuyang LCAP:

- Anong kaunlaran ang natamasa patungo sa mga layunin?
- May kabuluhan pa rin ba ang mga layunin ang LCAP?
- Mayroon bang plano para sa makabuluhan at epektibong pakikilahok ng magulang?

## TAG-INIT

### Mga pangunahing kaalaman:

- Napatibay ba ng lupon ng paaralan ang LCAP at naisumite sa Opisina ng County ng Edukasyon bago ang huling araw ng Ika-1 ng Hulyo?
- Tinanggap ba ng Opisina ng County ng Edukasyon ang LCAP? Mayroon bang mga rekomendasyon para sa mga pagbabago?

### Outreach ng LCAP/pakikilahok ng magulang:

- Suriin at ipagdiwang ang mga tagumpay sa outreach – anong maayos na napatakbo?
- Magdraft ng timeline para sa pakikilahok at outreach para sa susunod na taon – ano ang mga umiiral na oportunidad upang mabigyan ng kaalaman at mailahok ang mga magulang?
- Mag-survey sa mga magulang at lider ng magulang tungkol sa mga hadlang sa pakikilahok at gamitin ang impormasyon sa pagpapalano para sa susunod na taon.

### Suriin at pagnilayin ang kasalukuyang LCAP:

- Nagbibigay ba ng plano ang LCAP para sa ikatatagumpay ng lahat ng mga mag-aaral at malinaw na nagbabalangkas ng mga aksyon na ipapatupad ng distrito upang matamo ang mga layunin nito?
- Nagawa na ba ng distrito ang ehekutibong buod upang iparating sa mga may interes ang mga susing layunin at aksyon ng LCAP?
- Mayroon bang plano para sa makabuluhan at epektibong pakikilahok ng magulang?

## TAGLAMIG

### Mga pangunahing kaalaman:

- Suriin ang kasalukuyang LCAP at alamin kung may mga panlokal na priyoridad na kinakailangang maidagdag o maiayos.
- Suriin ang mungkahi sa badyet sa Enero ng Gobernador at talakayin ang epekto nito sa inyong lokal na distrito.
- Alamin kung paano ang iminungkahing pagpopondo ay makakaapekto sa kasalukuyan tatlong taong plano ng LCAP.

### Outreach ng LCAP/pakikilahok ng magulang:

- Kailan isinasagawa ang mga pagpupulong ng Parent Advisory Committee (PAC) at District English Learner Advisory Committee (DELAC)?
- Ano ang mga resulta ng mga survey para sa magulang at mag-aaral?
- Mayroon bang nai-iskedyul na kahit isang Forum ng Komunidad?

### Suriin at pagnilayin ang kasalukuyang LCAP:

- Naipakita na ba sa PAC at DELAC ang na-update na draft ng LCAP?
- Anong mga pagbabagong nagawa sa LCAP ang direktang nakabatay sa input ng magulang/mag-aaral/komunidad?

California State  
**PTA**<sup>®</sup>  
everychild. onevoice.

## TAGSIBOL

### Mga pangunahing kaalaman:

- Nasuri na ba ang rebisyon sa iminungkahing badyet ng estado (Rebisyon noong Mayo) at ang mga panlokal na implikasyon nito?
- Naipaskil na ba ang draft ng LCAP?
- Inilunsad na ba ang mga pampublikong forum tungkol sa LCAP?
- Nag-iskedyul na ba ang PTA ng mga pagpupulong sa impormasyon tungkol sa mga layunin ng LCAP para sa bawat paaralan?

### Outreach ng LCAP/pakikilahok ng magulang:

- Naimbitahan na ba ang publiko na magkomento sa draft ng LCAP? Paano? Kailan ang huling araw para sa mga komento?
- Nakapagsumite na ba ng mga komento ang PAC at DELAC tungkol sa LCAP sa nakasulat na paraan sa superintendente?

### Suriin at pagnilayin ang kasalukuyang LCAP:

- Kailan isasagawa ang pampublikong pagdinig tungkol sa LCAP? (Petsa ng pagpupulong ng lokal na lupon ng paaralan) Hikayatin ang mga magulang na dumalo at magsalita sa panahon ng mga pagkokomento ng publiko.
- Kailan patitibayin ang badyet at LCAP? (Petsa ng pagpupulong ng lokal na lupon ng paaralan) Hikayatin ang mga magulang na dumalo at magsalita sa panahon ng mga pagkokomento ng publiko.